# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**



## MODYUL 2

## YAMANG-TAO SA ASYA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 2**

**YAMANG-TAO SA ASYA**

Katangi-tangi ang mga Asyano. May sarili silang awit, tula, pangarap, at adhikaing hangaan. Sila ay mga taong may maningning na kinabukasan sa lahat ng larangan. Marami na silang hinarap na digmaan, kalamidad, at mabigat na suliranin, subalit ang Asyano ay tumatayo, taas-noo, at humahanap ng solusyon. Ang Asyano ay may kakayahang makabangong muli sa anumang kasawian, kapahamakan, o suliraning dumarating sa kanilang buhay. Sila ay tulad ng punong kawayan na dagliang tatayo makalipas ihapay ng bagyo.

May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Komposisyon Etniko ng mga Rehiyon
- Aralin 2: Antas ng Kabuhayan sa mga Bansang Asyano sa Lebel ng Teknolohiya
- Aralin 3: Populasyon, Komposisyon Ayon sa Gulang, Haba ng Buhay, Kasarian, at Bilang ng Marunong Bumasa at Sumulat

Pagkatapos ng modyul na ito ay inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na karunungan:

1. Mailalarawan ang komposisyong etniko ng mga rehiyon sa Asya at nasusuri ang kaugnayan ng paglinang ng wika sa paghubog ng kultura ng mga Asyano;
2. Nasusuri ang antas ng kabuhayan ng mga bansang Asyano batay sa level ng teknolohiya, uri paglilingkod sa panlpunan at pangkabuhayan;
3. Nahihinuha ang mga implikasyon ng antas ng kabuhayan level ng teknolohiya, at paglilingkod sa kabuuang pamumuhay at pangkabuhayan; at
4. Nasususri ang kaugnayan ng Yamang-tao ng mga bansa ng Asya sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lupain sa kasalukuyang panahon batay sa: Dami ng tao, Komposisyon ayon sa gulang, Inaasahang haba ng buhay, Kasarian, Bilis ng paglaki, Uri ng hanapbuhay, Bilang ng mga hanapbuhay, Kita ng bawat tao, Bahagdan ng marunong bumasa at sumulat, Migrasyon.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Suriin at ibigay ang tamang kasagutan. Bilugan ang titik.

1. Saan matatagpuan ang pinakamataong kontinente?

   A. Aprika — C. Asya
   B. Europa — D. Hilagang Amerika

2. Anong lahi ang tinatawag na mga "mestizo"?

   A. Eurasian — C. Mehikano
   B. Tangway ng Indian — D. American

3. Ano ang tumutukoy sa makabagong pamamaraang ginagamitan ng makina?

   A. Teknolohiya — C. Populasyon
   B. Pabahay — D. Edukasyon

4. Anong bansa ang may taunang pagtaas ng populasyon sa Asya na tinatayang 1.8 porsyento?

   A. Pilipinas — C. India
   B. Tsina — D. Brunei

5. Anong bansa ang hindi mayaman sa langis?

   A. Saudi Arabia — C. UAE
   B. Qatar — D. Philippines

6. Ano ang may pinakamataong bansa sa Asya at sa buong daigdig?

   A. India — C. Philippines
   B. China — D. Indonesia

7. Anong bansa sa Asya ang may pinakamahabang buhay?
   A. China
   B. India
   C. Japan
   D. Indonesia

8. Anong bansa sa Asya ang may pinakamaraming kasarian na lalaki?
   A. Qatar
   B. Taiwan
   C. Brunei
   D. Japan

9. Anong bansa sa Asya ang may pinakamataas na antas ng karunungan o marunong bumasa at sumulat?
   A. Japan
   B. Taiwan
   C. Russia
   D. Philippines

10. Anong bansa sa Asya ang may pinakamaraming kasarian na babae?
   A. Japan
   B. Indonesia
   C. Pilipinas
   D. Yemen

11. Ano ang opisyal na relihiyon ng Indonesia?
   A. Protestante
   B. Hudyo
   C. Muslim
   D. Romano Katoliko

12. Alin sa mga sumusunod ang hindi natatanging ugaling Asyano?
   A. disiplinado
   B. espirituwalidad
   C. mabuting pagtanggap sa bisita
   D. relasyong pampamilya

13. Sino ang nagsabi na ang iyong buhay ang isang atomo ng kosmikong pagkakabagay-bagay?
   A. Confucius
   B. Lao Tzu
   C. Hsia
   D. Huang

14. Anong bansa ang sumulong nang pasimulan ang pagsulat na Intsik?

A. Korea | C. Hapon
B. Tsina | D. Taiwan

15. Sino ang nag-imbento ng *cuneiform* na pagsulat at nagsagawa ng nasusulat mula pa noong ikatlong siglo B.C.?

A. Babylonia | C. Assyria
B. Hittites | D. Sumerian

16. Anong bansa ang lahing kayumanggi?

A. Tsina | C. Pilipino
B. Hapon | D. Hudyo

17. Saang pook naninirahan ang karamihan ng mga tao sa Asya?

A. Urban | C. Lalawigan
B. Lungsod | D. Rural

18. Ano ang pinakamaunlad na lungsod ng Asya?

A. Hongkong | C. Taipei
B. Tokyo | D. Manila

19. Anong bansa ang may pinakamalaking *Gross Domestic Product* (GDP) sa Asya?

A. Tsina | C. Bhutan
B. Brunei | D. Bangladesh

20. Anong yunit ng salapi ang ginagamit sa bansang Thailad?


A. Pound | C. Baht
B. Rupee | D. Lira

**ARALIN 1**

**KOMPOSISYON ETNIKO NG MGA REHIYON**



Ang Asya ang may pinakamataong kontinente, kung saan matatagpuan ang lahat ng lahi. Maraming kaugalian ang ipinagkaiba ng mga Oryental sa mga Oksidental. Pinagpala ng Diyos ang Asya bilang siyang lunas ng sangkatauhan, sibilisasyon, at relihiyon. Kung sa nakalipas, ang Kanluran ang dumumina sa Asya, kamakailan ay ang Asya ang dumumina sa kalakaran at naimpluwensiyahan nang malaki ang takbo ng pandaigdig na kasaysayan.




Pagkatapos ng aralin, inaasahang malilinang ang mga sumusunod mong karunungan:

1. Mailalahad at masusuri ang komposisyon etniko ng mga rehiyon;
2. Maipaliliwanag ang kahalagahan ng wika sa paghubog ng kultura ng mga Asyano; at
3. Makapagbibigay ng sariling reaksyon sa mga kinagisnang kaugalian ng mga bansang Asyano.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bago magsimula, mag-isip muna tayo. Magbigay ng limang lahi sa bansang Asyano na alam mo.



**Panlipunang Kapaligiran**

Ang Asya ay ang pinakamataong kontinente, kung saan matatagpuan ang lahat ng lahi. Maraming kaugalian ang ipinakakaiba ng mga Oryental sa mga Oksidental. Pinagpala ng Diyos and Asya bilang siyang kuna ng sangkatauhan, sibilisasyon at relihiyon. Kung sa nakalipas, ang Kanluran ay dumumina sa Asya, kamakailan ay ang Asya ang dumumina sa Kanluran at inimpluwensiyahan nang malaki ang takbo ng pandaigdig na kasaysayan.

**Lahat ng mga Lahi sa Asya**

Sa Asya matatagpuan ang lahat ng mga lahi ng tao. Ang lahing kayumanggi ay kinakatawan ng mga Pilipino, Malaysian at Indonesian. Ang lahing dilaw ay makikita sa Tsina at Hapon. Ang sangang Aryan, o Indo-European, ang lahing puti ang kinakatawan ng mga Afghan, Iranian at Indian (Tangway Indian). Ang sangang Semitiko ng lahing puti ang kinatawan naman ng mga Arabo, Hudyo, Iraqi at Syrian. At ng mga Siberian at Sobyet Asyanong pulang lahi ay dumayo sa Hilagang Amerika sa pamamagitan ng Kipot Bering. Ang mga taong ito ang naging mga ninuno ng mga Amerikanong Indian. Karagdagan pa, dahilan sa kolonyal na kasaysayan ng Asya, ang mga magkahalong pag-aasawa ay nagbunga ng taong Eurasian (bahaging European, bahaging Asyano). Sa Pilipinas, ang mga Eurasian na ito ay tinatawag na mga “mestizo”. Ang mga Pilipino ay bukod-tangi sa mundo sapagkat sila’y nakihalubilo at nakibahagi sa mga impluwensiyang cultural mula sa apat na iba’t ibang kalinangan – Asyano, European, Latin(Mehikano) at Amerikano.

**Populasyon**

Ang Asya ang pinakamataong kontinente sa mundo. Mahigit sa kalahati ang nakatira sa Asya. Ayon sa pinakahuling estadistikang demograpiko, mula sa kabuuang

pandaigdig na populasyon na 5.85 bilyon, 3.5 bilyon (60%) ang nakatira sa Asia. Isa pang kawili-wiling katotohanan ay kalahati ng 3.5 bilyon na Asyano ay nakatira sa dalawang bansa lamang sa Tsina at India.

Malubha ang mga suliranin ng sobrang populasyon at paghihirap sa Asya. Sa maraming bahagi ng Timog Asya, ang karaniwang kapal ng populasyon ay mahigit 600 katao sa bawat milya kwadrado. Sa loob ng maraming siglo, ang pagsisiksikang ito ang naging sanhi ng mga kapinsalaang tulad ng mga baha, tagtuyot, taggutom at sakit. Sa buong Asya, lalung-lalo na sa Tsina at India, ang pangunahing mga problema ay kung paano daragdagan ang produksiyon ng pagkain at kung paano pabababain ang bilis ng pag-anak.

**Mga Kaugalian**

Karamihan ng Asyano ay ipinanganak at lumaki na may namumukod tanging ugaling Asyano na talagang naiiba sa Kanluraning ugali. Sa pangkalahatan, ang natatanging mga ugaling Asyano ay ang mga ito: (1) espirituwalidad: (2) matadhanain: (3) istoisismo, 0 pagkamatiisin: (4) mabuting pagtanggap, o kagandahang loob sa mga bisita: (5) masaklaw na mga relasyong pampamilya: (6) diwa ng pagpapatuloy, 0 continuity: at (7) di tuwirang pagpapaliwanag, o pangangatuwiran.

Karamihan ng Asyano'y malalim ang espirituwalidad, at hindi materyalistiko o nababahala sa pisikal o pinansiyal na mga bagay-bagay. Ang panloob, o espirituwal, na kalinisan ay higit na mahalaga sa Asyano kaysa panlabas na kalinisan o pag-aari. Likas na sinusunod nila ang kasbihang "ang bagay na nakikita ay lumilipas at ang bagay na di-nakikita ay magpapasawalang-hangan." Dahil sa ang Asyano ay may katutubong espiritwalidad, may espiritwal na dimensiyon sa bawat gawin niya. Halimbawa, ang pagkain ay banal at dapat munang ialay sa mga diyos at ihanda nang may malaking kalinga.

Ang Asyano ay matadhanain at naniniwala na ang indibidwal ay ini-impluwensyahan ng nakahihigit na mga puwersa. Ang kanyang kalayaan sa pagpili ay nalilimitihan ng pamilya, lipunan, kaugalian, kalikasan o relihiyon. Hindi katulad ng

Kanluranin, ang Asyano ay hindi naniniwala na siya "ang panginoon ng kanyang kaluluwa." Sa gayon, ang Asyano ay higit na tradisyonal kaysa mga Kanluranin.

Panatag na tinanggap ng Asyano ang kamatayan, hapdi, sakit, at kasawian. Dahil sa pagkalantad sa maraming likas na mga kalamidad at panlipunang kaguluhan sa kasaysayan ng Asya, napasulong niya ang isang matiisin, o istoikal, na saloobin sa buhay. Sa ilang kultura tulad ng sa Hapon, (maling) itinuturing na ang pagkitil ng sariling buhay ay maaaring maging marangal.

Ang kagandahang-loob sa mga bisita ay ang pinakatampok at hinahangaang kaugalian ng mga Asyano. Kahit na anong aba ng kanilang mga kalagayan, ang mga Asyano ay naglilingkod at mapagpalayaw sa kanilang mga bisita. Sa isang Asyano ang isang bisita ay sagrado, kahit na nagyaring siya ang kanyang pinakamasamang kaaway. Sa mga Bedouin ng Arabia, ang isang manlalakbay ay makatawid ng disyerto nang walang anumang baon. Maaari siyang umasa sa kabutihang-loob ng kanyang mga may bisita o maybahay.

Ang masaklaw na mga relasyong pampamilya ay nangangahulugan ng matibay na mga buklod ng pag-ibig at kamag-anakan sa mga miyembro ng pamilyang Asyano. Hindi nakakapagtaka na makakita ng maraming salinlahi (lolo't lola, mga magulang at mga anak) na naninirahan sama-sama sa ilalim ng isang bubong. Ang mga kayamanan ay pinag-iipun-ipon, at ang pagtulong sa mga dukhang kamaganak ay tungkulin ng isang mariwasang Asyano. Malapit at mapagmahal na mga turingan ang umiiral sa pagitan ng mga magulang at mga anak. Iginagalang at sinusunod ng mga anak ang kanilang mga may-edad at inaalagaan sila sa kanilang pagtanda. Ang mga kaibigan ay maaaring maging kasinlapit tulad ng mga kapatid.

Ang Asyano ay may nakatataas na diwa ng pagpapatuloy, o continuity, kaysa mga Kanluranin. Ayon kay Lao Tzu," Ang iyong buhay ay isang atomo ng kosmikong pagkakabagay-bagay; ang iyong kalikasan at kapalaran ay isang atomo ng pangsansinukob na pagkakaayon." Ang malapit na relasyon sa pagitan ng tao at ng sansinukob ay isinagawa sa medisina (akyupunktura, repleksolohiya, medisinang herbal asal, madyik at agrikultura. Ayon sa Asyano, ang likas na mga kalamidad tulad ng mga baha, tagtuyot sa salot ay bunga ng maling pag-uugali ng tao.

Bilang panghuli, ang Asyano ay nag-iisip at nangangatuwiran na iba sa mga Kanluranin. Para sa Asyano, walang anumang obhetibong katotohanan: ang katotohanan ay lagging relatibo. Kung higit na gusto ng Kanluraning ang maging maliwanag at tuwiran, hindi nais ng Asyano ang makipagtalo, o makipagtaliwas. Sa halip, gusto niyang maging di-tuwiran at di mapanuri. Ang pagiging di-tuwiran ay ipinakikita ng malimit niyang paggamit ng mga simbolo sa sining at sa wika. Halimbawa, ang alpabetong Intsik ay binubuo ng ideograms na kumakatawan sa mga diwa sa pamamagitan ng grapikong mga tanda.

**Literatura at mga Wika**

Ang mga literatura't wika sa Asya ay kumakalat mula sa apat na dakilang sibilisasyon ng Mesopotamia, Persiya, India at Tsina. Ang Islam at ang Buddhismo ay nagdala ng digri ng pagbubuklod sa magkakaiba-ibang mga literature ng sari-saring bansa.

Ang mga Sumerian ang nag-imbento ng cuneiform na pagsulat at nagsagawa ng nasusulat na mga record mula pa noong ikatlong siglo B.C. Ang alpabetong ito ay malawakang ginamit sa buong Gitnang Silangan noong unang panahon. Ang literature ng Babylonia at Assyria ay binubuo ng mga elehiya, himno, awit ng papuri sa mga hari at epiko, na ang pinaka-kilala ay ang Epiko ng Gilgamesh. Nang malaunan, ang literature ng Mesopotamia ay isinama sa literature ng Persia, at ang kulturang Islamiko ay ipinakilala ng mga pananakop ng mga Arabo.

Napakakaunting literaturang Hebreo ang nakaligtas, bukod sa Biblia. Datapuwat, ang Biblia ay itinuturing ng mga Kristiyano bilang pinakadakilang aklat na naisulat, na naglalantad ng plano ng Diyos ukol sa kaligtasan sa pamamagitan ni Hesukristo. Mahigit na apatnapung iba't ibang mga manunulat sa labintatlong bansa ang sumulat ng Biblia sa loob ng mahigit na 1,600 na taon. Ang mga manunulat na ito'y binigyan ng inspirasyon ng Diyos. Bagaman isinulat sa iba't ibang panahon sa ilalim ng sari-saring kalagayan ng napakaraming tao, ang kamangha-manghang katotohanan ay na ang

Biblia ay may iisang tema. Ito'y ang kawalan ng kompletong kakayahan ng tao na iligtas ang kaniyang sarili at ang sakdalna kasagutan ng Diyos na si Kristo.

Ang literaturang Arabo ay kinabibilangan ng napakalawak na mga akda ng mga bansang naimpluwensiyahan ng Islam. Datapuwa, ang Quran, o Koran (ikapitong siglo A.D.) ang nagging basehan ng wikang Arabo. Ang literaturang Persian ay nagtataglay ng mga tekstong Zoroastrian at mga kuwento ng pagkabayani't epiko. Ang pinakadakilang makatang Persian ng mga epiko ay si Firdusi (c. 940-1020). Ang dalawa pang nangungunang makata nang ikalabing-isa hanggang ikalabing-apat na siglo ay sina Omar Khayyam (c. 1034-1123) at Hafiz (1320-1389 A.D.).

Ang mga pinakaunang record ng mga Indian ay ang mga inskripsiyon ng Asoka noong ikatlong siglo B.C. ang literaturang Indian ay totoong iba't iba at nasulat sa sarisaring wika. Ang mga pangunahing wika sa literature noong mga sinaunang panahon ay Sanskrit, Pali at ang mga bernakular. Ang Sanskrit ay ginamit noong panahong Vedic. Sa wikang ito nasulat ang mga sinaunang tulangepiko-Vedic, ang Mahabharata at ang Ramayana. Pagkatapos ng panahong epiko, ang literaturang Indian ay nahati sa dalawa – ang Sanskrit at ang bernakular. Ang pinakadakilang makata sa Sanskrit noong ikalabinlimang siglo ay si Kalidasaang "Shakespeare ng India," – na ang pinakadakilang dramang isinulat ay Sakuntala. Makaraan ang ikapitong siglo, lumubog ang Sanskrit at maraming literature ang nasulat sa mga diyalekto, na karamihan ay relihiyoso (Hindu) ang uri. Sa Bengal, nangingibabaw ang tradisyong Buddhista, at magmula noong ikalabing-anim na siglo, inmpluwensiyahan ng Islam ang mga tula, epiko at mitolohiyang Indian. Mula nang ikalabinsiyam na siglo, ang mga manunulat na Indian ay napasigla sa mga pakikitungo sa Europa.

Sa Tsina, ang mga pinakaunang record ay mga inskripsiyon na sapul pa noong ikalawang siglo B.C. Ang ilan s pinakamatatandang mga akda ay: ang I Ching (Aklat ng mga Pagbabago), isang ikalabing-isang siglong aklat-awitan; ang Tao Te Ching (Ang Daan ng Birtud ) ni Lao Tzu(604-531 B.C.) at ang Analects ni Confucius. Si Ssuma Chien (c.147-86 B.C.), si Pan Ku at kaniyang kapatid na babaing si Pan Chao ay gumawa ng mga ipinagbunying akdang historical noong Dinastiyang han (202 B.C. – 220 A.D.). ang dinastiyang Han (202 B.C. – 220 A.D.). Ang Dinastiyang Sung (960-1280) ay mas kilala sa mga siyentipiko't heograpikal na mga akda, halimbawa ang Chu-

fanchi (Rekord ng mga Banyagang mga Bansa) ni Chao Ju-Kua, 1368) napasulong ang drama at ang nobela,na dinumina ang literaturang Intsik sa maraming siglo. Ang nobela'y nagging popular dahil ito'y madaling naunawaan ng mga karaniwang mamamayan. Isang klasikong nobela noong Dinastiyang Manchuria (1644-1911) ay ang Hung Lou Meng (Ang Panaginip ng Pulang Silid-Tulugan).

Ang literatura ng Hapon ay sumulong nang pasimulan ang pagsulat na Intsik. Ito'y naganap noong ikaapat na siglo sa pamamagitan ng Korea. Binago nang lubusan ng Buddhismo at iba pang impluwensiyang cultural ng Intsik ang kultura ng Hapon. Ang mga pinakaunang akda ng Hapon. Ang mga pinakaunang akda ng Hapon ay sapul pa noong ikawalong siglo. Ang mga ito'y ang dalawang dakilang salaysay, ang Kojiko (712 A.D.) at ang Nihongi (720 A.D.). Noong ikalabing-isang siglo, ang prosang literature ay nagkaroon ng muling pagsilang. Isinulat ni Murasaki Shikibu ang Genji Monagatari (Ang mga Kwento ng Genji). Nagsimula ang teatro (kabuki at Noh) noong ikalabing-apat at ikalabinlimang siglo; at gayundin ang popular na literature na angkop sa lumalagong edukasyon sa Hapon.

**Sining**

Ang sining ng Asyano ay talagang iba't iba at karamiha'y naimpluwensiyahan ng heograpiya, pulitika, at relihiyon.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Subukan mo kung iyong matatandaan ang mga bansa na may lahing ganito. Pagtapat-tapatin sa pamamagitan ng paglalagay ng guhit na magkatugmang bilang at titik sa Hanay A at Hanay B.

**Hanay A**

**Hanay B**

1. Pilipino
2. Tsina
3. Hapon
4. Indonesia
5. Iranian
6. Arabo
7. Malaysian
8. Iraqi
9. Syrian
10. Hudyo

A. lahing kayumanggi
B. lahing dilaw
C. lahing puti
D. Tangway Indian
E. Sangang Semitiko ng lahing puti



**Tandaan Mo!**

- Ang mga Pilipino ang bukod-tangi sa mundo sapagkat sila ay nakihalubilo at nakibahagi sa mga impluwensyang kultural mula sa apat na iba't ibang kalinangan: Asyano, European, latin, at Amerika.
- Ang Asyano ay nag-iisip at nangangatwiran nang iba sa mga kanluranin. Para sa Asyano, walang anumang obhetibong katotohanan ang laging relatibo.
- Kung higit na gusto ng Kanluranin ang maging maliwanag at tuwiran, hindi nais ng Asyano ang makipagtalo o makipatalunan.



**Gawain 3: Paglalapat**

Anong kaugalian ang nais mong patuloy na gawin nating mga Pilipino?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________


______________________________________________

**ARALIN 2**

**ANTAS NG KABUHAYAN SA MGA BANSANG ASYANO**



Sinasabing ang isang bansa, para maging maunlad ang kabuhayan, ay kailangang gumamit ng teknolohiya. Maunlad ang teknolohiya sa maraming bansang Asyano. Ano nga ba ang teknolohiya? Ito ay tumutukoy sa makabagong pamamaraang ginagamitan ng makina. Sa pamamagitan nito ay napabibilis ang gawain.




Pagkatapos ng aralin, inaasahang malilinang ang mga sumusunod mong kasanayan:

1. Matatalakay ang antas ng kabuhayan sa mga bansang Asyano sa lebel ng teknolohiya;
2. Maipaliliwanag ang kahulugan ng teknolohiya; at
3. Masusuri ang maganda at hindi magandang epekto ng teknolohiya.



**Gawain 1: Pag-isipan mo!**

Magbigay ng halimbawa tungkol sa teknolohiya.



## Yamang-Tao at Teknolohiya

Maunlad ang teknolohiya sa maraming bansang Asyano. Ano nga ba ang teknolohiya? Ito ay tumutukoy sa makabagong pamamaraang ginagamitan ng makina. Sa pamamagitan nito ay napabilis ang Gawain. Halimbawa, kailangan ang tubig sa larangan ng agrikultura. Sa halip na umasa sa ulan, may malaulang papatak sa mga tanim. Sa halip na kamay ang gagawa, makina ang paaandarin. Bukod sa mabilis, marami pa ang magagawa sa maikling panahon. Kaya nga buhat sa maraming manggagawa sa maikling panahon. Kaya nga buhat sa maraming manggagawa at kaunting makinarya, nagging baligtad – maraming makinarya at kaunting maggagawa. Sa bansang mauunlad, may mga industrial robot sila. Ginagamit ang mga ito sa mga maselan o mapanganib na Gawain halimbawa sa mga pagawaan ng mga sasakyan. Sa mga maunlad na bansa halos lahat ay awtomatik o push button.

Sa malalaking gusali, kung aakyat sa ikasampung palapag, gagamit ka pa ban g hagdanan? Hindi na, dahil mayroon nang mga elevator at escalator sa mga modernong gusali at mall. May problema, dahil makinarya ang gamit, kailangan ang langis. Kailangan ang kasanayan sa pagpapatakbo. Ang mga papaunlad naman ay nanghihiram ng mga teknolohiya. At dahil may mga ugnayang pang-ekonomiko ang mga bansang Asyano, nagaganap ang technology transfer.

May kasamaang dulot ang teknolohiya sa populasyon ng isang bansa.

Una, dahil mas marami ang makinarya, marami rin ang nawawalan ng hanapbuhay.

Ikalawa, dahil sa artipisyal na mga fertilizer, ang sakahan ay maaari nang taniman ng tatlong beses (triple harvest) nang walang pahinga ang lupa.

Ikatlo, dahil sa maunlad na teknolohiya, lumiliit ang mga sakahan, ginagawa itong mga pagawaan, sentro ng industriya at mga panahanan.

Ikaapat, dahil sa antas ng teknolohiya, mabilis na nagagawa ang mga hilaw na produkto kaya mabilis na nauubos ang mga ito. Halimbawa, ang paggagawa ng mga lawanit, plywood at kasangkapan. Pagtrotroso ang tugon ditto, hindi ba? Ngunit ilang taon ba bago mapakinabangan ang isang punong itinanim ngayon?

Tamang may mataas na antas ng teknolohiya subalit hindi dapat kaligtaan ang pangangalaga sa mga yamang-likas nito. Yaong mapananatili ang balanseng ekolohikal. Dapat tandaan and isang prinsipiyongpang-ekonomiko. Ang pangangailangan ng tao ay walang hanggan subalit ang yamang-likas ay nauubos. Ganyang palaki nang palaki ang populasyon dapat marahil na pangalagaan nating mabuti ang mga likas na yaman, huwag nating abusuhin para may magamit pa ang susunod na mga salinlahi.

## Populasyon at mga Pagpapahalaga

Kaalinsabay ng modernisasyon, apektado ang mga pagpapahalagang moral sa Asya. Isang bagay na maaaring magdulot ng hindi magandang bunga sa makabagong henerasyon. Nagging komplikado ang buhay. Ang mga magulang ay dapat nang sapat para makapag-aral ang mga bata. Kapalit nito, naging palasak ang mga libangan tulad ng TV, computer, mga babasahing hindi naman nagdudulot ng mabuti sa pagpapahalagang moral ng mga kabataan.

Sa kasalukuyan ang mga Asyano ay kumikilos bilang isang mamamayan. Sila ay may hangarin na umunlad at makilala bilang lider katulad ng Hapon, Singapore at Tsina. Totoong iba-iba ang kanilang ideolohiya subalit lahat sila ay pawing mga Asyano.

Habang lumalaki ang populasyon ay lumalaki rin ang pangangailangan sa mga paglilingkod at panlipunan tulad ng mga ospital, sentro ng kalusugang panrural, doctor at nars, gamut, palaruan, day care, nurseries, sentro ng pagplaplano ng pamilya at iba pa.


Sinisikap din ng mga bansang Arabe na maging malinis ang kanilang kapaligiran, tahanan at mga pamayanan. Nagpapatayo sila ng mga planta sa desalinisasyon ng tubig alat upang magkaroon ng malinis na tubig ng magagamit sa araw-araw.

Sa Timog-Silangang Asya, suliranin ang kakulangan ng mga pampublikong serbisyong pangkalusugan sa mga malalaking lungsod tulad ng Jakarta, maynila, Bangkok at iba pa. Upang malutas ang mga suliraning ito, naglungsad ng mga programang pangkalusugan ang mga bansang ito.

Dala ng mga kahirapang pangkabuhayan, maraming tao sa mga bansa sa Asya ang nawawalan ng hanapbuhay at patuloy na lumalaki ang bilang ng mga walang hanapbuhay taun-taon. Patuloy ang pandarayuhan ng mga manggagawang Asyano sa mga bansang mayaman sa langis sa Timog-Kanlurang Asya, Hilagang Aprika, at sa mga bansang Kanluranin na nangangailangan ng mga manggagawa.


Ang mga bansang mabilis ang paglaki ng populasyon ay karaniwan ng nagkakaroon ng mga suliraning pang-edukasyon. Kabilang sa mga suliranin ang kakulangan sa mga silid-aralan, guro, at salaping gagamiting pambayad sa mga pangangailangan. Kakailanganin ang mga aklat sa pagpapatupad ng mga pagbabago sa kurikulum upang makatugon ang edukasyon sa pangangailangan ng kasalukuyang panahon. Sa bansang Pilipinas, nangangailangan ng maraming paaralan, guro at aklat taun-taon para sa mga dumaraming bilang ng mag-aaral. Ginagawang ng paraan ng mga pinuno ng pamahalaan upang malutas ang malaking suliranin na ito.


Maraming bansa sa Asya ang may suliranin sa pagkain. Hindi nila natutugunan ang pangangailangan ng kanilang mga mamamayan. Upang matugunan ang suliraning ito, kinakailangang mapabuti ng mga tao ang antas ng teknolohiya sa agrikultura.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ibigay ang kasagutan sa sinasabi sa loob ng lobo upang maipahayag ang iyong saloobin.





**Tandaan Mo!**

- Dahil sa teknolohiya, sa halip na kamay ang gagawa, makina ang paaandarin. Bukod sa mabilis, marami pa ang nagagawa sa maikling panahon.
- Dahil sa mas marami ang makinarya, marami rin ang nawawalan ng hanapbuhay.
- Dala ng kahirapang pangkabuhayan, maraming tao sa mga bansa sa Asya ang nawawalan ng hanapbuhay.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sang-ayon ka ba sa mga makabagong teknolohiya para umunlad ang antas ng kabuhayan?


**ARALIN 3**

**POPULASYON, KOMPOSISYON AYON SA GULANG, HABA NG BUHAY, KASARIAN, AT BILANG NG MARUNONG BUMASA AT SUMULAT**



Sinasabi na halos 60 porsyento ng populasyon ng daigdig ang galing sa Asya. Ang karamihan nito ay sa Silangang Asya, Timog-Silangang Asya, at Timog Asya.

Hindi pantay ang distribusyon ng populasyon ng daigdig ang galing sa Asya. Ang karamihan ng mga tao sa Asya ay naninirahan sa mga pook na rural. Bagaman mapupunang napakabilis din ng paglaki o pagdagsa ng tao sa pook na urban.




Pagkatapos ng paksang aralin, inaasahang malilinang mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Makapagbibigay ng paliwanag tungkol sa populasyon;
2. Makapagtatalakay ng mga komposisyon ayon sa gulang, haba ng buhay, kasarian, at bilang ng marunong bumasa; at
3. Maihahambing ang dami ng lalaki at babae sa Asya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bilang isang mag-aaral na nakabasa at nakapag-aral tungkol sa populasyon, magbigay ng limang bansa sa Asya na may pinakamalaking populasyon.



**Populasyon ng Asya**

Sinasabi na halos 60 porsyento ng populasyon ng daigdig ay galing sa Asya. Ang karamihan nito ay sa Silangan Asya, Timog Silangang Asya at Timog Asya. Inokupa nila ang 17.4 por-syento ng kalupaan. Ang kabuuan noong 1995 ay 3.2 bilyong

tao, na ang kalahati ay galing sa mga komunistang bansa. Sa bilang na ito, ang 1.3 bilyong tao ay galing sa Silangang Asya; 1.1 bilyon sa Timog Asya; 200 milyon sa Timog Kanlurang Asya; at 100 milyon sa bahagi ng Rusya na sakop ng Asya. Sa average, ang pangkalahatang density ay 71 tao bawat kilometro kwadrado.

Hindi pantay ang distribusyon ng populasyon ng Asya. Ang karamihan ng mga tao sa Asya ay naninirahan sa mga pook rural. Bagaman mapupunang napakabilis din ng paglaki o pagdagsa ng tao sa pook na urban. Suriin ang talahanayan sa pahina 43. pansinin ang Iran, Israel, Japan at South Korea. Kaugnay ng populasyon, suriin ninyo ang talahanayan sa ibaba.

| Mga Bansang Asyano | Urban | Rural | Mga Bansang Asyano | Urban | Rural |
|---|---|---|---|---|---|
| India | 27% | 73% | Pakistan | 35% | 65% |
| Indonesia | 33% | 67% | Russia | 74% | 26% |
| Iran | 60% | 40% | Saudi Arabia | 80% | 20% |
| Israel | 93% | 7% | Thailand | 25% | 75% |
| Japan | 78% | 22% | Turkey | 69% | 31% |
| Korea, South | 78% | 22% | Vietnam | 74% | 26% |

**Katayuang Pangkapaligiran**

Samantala, may mga malaking pook-urban tulad ng Maynila na dinaragsa ng mga tao buhat sa mga pook-rural sanhi ng mga kalamidad. Ang halimbawa nito ay ang pagputok ng bulkan. Maraming pagbagyong kailangan sa mga pook-rural upang pagyamanin ang lupa at mga produktong agricultural ngunit minarapat pa nilang pumunta sa lungsod upang makipagsapalaran.

Ang taunang pagtaas ng populasyon sa Asya ay tinatayang 1.8 porsyento. Mababa ito sa hapon, Tsina, Taiwan at Singapore. Ito ay sa kadahilanang may mga batas ang bansa na pumipigil sa pagdami ng anak. Samantala, Pilipinas at India hindi halos mapigil ang paglaki ng populasyon.

Bata ang populasyon ng Asya maliban sa ilang bansang sinasabing matanda ang populasyon tulad ng bansang Hapon.

Pansinin ninyo ang kalagayan ng mga bansa. Ituon ninyo ang atensiyon sa breakdown ng Urban/Rural. Ano ang masasabi ninyo? Ilang bansa ang may mataas na porsyento sa urban? Sa rural? Iugnay din ito sa breakdown ng pag-eempleyo ng mga tao. Ano ang mabubuo ninyong ideya? Batay sa talahanayang ito, masasabi ba ninyo kung maunlad, papaunlad o mahirap ang bansa?

Mapapansin na ang mga lungsod na mabilis ang antas ng urbanisasyon ay naapektuhan ng sumusunod na mga salik.

Una, impluwensya ng mga Kanluranin. Maliban sa Bangkok, ang lahat ng mga bansang matatagpuan ng mga lungsod ay nagging kolonya ng mga Kanluranin. Ang dominasyon ng mga ito sa larangan ng ekonomiya at pulitika ay kapuna-puna. Halimbawa nito ang Bombay, Colombo, Karachi, Madras, Calcutta, Singapore, Jakarta, Maynila, HoChi Minh, Hanoi at Phnom Penh. Kahit ang Tsina, marami sa malalaking lungsod sa mga baybayin nito ang naimpluwensiyahan ng mga Kanluranin. Sa Hapon, ang urbanisasyon ay tinatawag na phenomenon, tinatayang agn 75 porsyento ng populasyon nito ay urban. Samantala sa ibang bansa, 20-40 porsyento ng kalakhan ng populasyon ay nasa mga rural na pook.

Ikalawa, ang impluwensiya ng relihiyong Islam. Sa Timog-Kanlurang Asya sakop ang gitnang bahagi, lumaki ang populasyon ng kalunsuran dahil sa pagpapatatag ng kulturang Muslim. Halimbawa nito ay ang Tehran, Baghdad, Damscus, Jerusalem, Istanbul. Ang modernong urbanisasyon ay makikita sa Tel Aviv-Yafo (Tel Aviv-Jappa), Beirut, Ankara at Tashkent.

**Distribusyon ng Kakapalan ng Tao**

Suriin ang talahanayan kaugnay ng sukat at distribusyon ng kakapalan ng tao sa Asya. Aling rehiyon ang may makapal na populasyon? Bakit kaya? Marahil sa pag-aaral at pagsusuring gagawin, masasabi mong may mga pook na maraming likas at kasanayang teknikal. Samantala, sa Kanluran ng Tsina at Kazakhstan, malawak ang sukat, mayaman din sa likas na yaman ngunit kaunti lamang ang naninirahan dahil sa

kondisyon ng klima. Gayundin ang kalagayan ng mga bansang sagana sa langis. Klima ang suliranin nila.

Mapapansin namang may maliliit na pook subalit maraming tao. Halimbawa ang Pilipinas. Marami ang klima nito, estratehiko ang kinaroroonan at sagana sa likas na yaman.

Alamin nating isa-isa ang mga salik pangheograpiya kung bakit hindi pantay ang distribusyon ng populasyon.

**ANTAS NG URBANISASYON**
**SA 20 PINAKAMAUNLAD NA LUNGSOD NG ASYA (1995)**

| Antas | Lungsod/Bansa | Lawak (km/kwd) | 1995 Populasyon | Bilis ng Pagdami (1992-1995) |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Tokyo,Yokohoma, Japan | 1,089 | 28,447,000 | 1.1 |
| 2 | Seoul, South Korea | 342 | 19,065,000 | 3.2 |
| 3 | Osaka-Kobe-Kyoto, Japan | 495 | 14,287,000 | 0.3 |
| 4 | Bombay India | 95 | 13,532,000 | 2.8 |
| 5 | Calcutta, India | 209 | 12,885,000 | 2.0 |
| 6 | Manila, Philippines | 188 | 11,342,000 | 2.4 |
| 7 | Jakarta, Indonesia | 76 | 11,151,000 | 3.0 |
| 8 | Tehran, Iran | 112 | 11,681,000 | 4.8 |
| 9 | New Dehli, India | 138 | 10,105,000 | 3.0 |
| 10 | Istanbul, Turkey | 165 | 7,624,000 | 3.2 |
| 11 | Taipei, Taiwan | 138 | 7,477,000 | 2.6 |
| 12 | Shanghai China | 70 | 7,194,000 | 0.9 |
| 13 | Bangkok, Thailand | 102 | 6,657,000 | 3.0 |
| 14 | Madras, India | 115 | 6,550,000 | 2.9 |
| 15 | Beijing, China | 151 | 5,865,000 | 0.4 |
| 16 | Hong Kong, Hong Kong | 23 | 5,841,000 | 0.5 |
| 17 | Pusan, South Korea | 54 | 5,748,000 | 3.6 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 18 | Bangolore, India | 50 | 5,644,000 | 3.5 |
| 19 | Nagoya, Japan | 307 | 5,017,000 | 0.7 |
| 20 | Tianlin, China | 49 | 5,041,000 | 1.2 |

*Suriin natin ito.* Ang isang pook na nasa maayos na lokasyon/kinaroroonan at walang labis na lamig at init, ay nangangahulugang nasa sonang tropiko ito. Natural, mainam din ang klima at panahong mararanasan. Kung gayon, mayaman din ito sa likas na yaman dahil mataba ang kanyang lupa, at may mga halaman at hayop na nabubuhay sa gubat o sa kapatagan. Ang kabundukan nito ay may mga yamang-mineral at marahil mayroon din itong mga hayop at bulaklak na pambihira. Sa ganitong katwiran, kakapal ang tao. Bukod sa marami ang mandarayuhan upang makipagkalakalan, mahihikayat din silang tuluyan nang manirahan sa mga nabanggit na bansa.

Mayroon naming bansa na nasa sonang Arktiko na lubusang napakalamig. Bagaman may mga yamang-likas din dito, hindi naman kaaya-aya ang klima kaya hindi nahihikayat na panirahan ng mga tao. May mga pook na nasa sonang torrid na labis naman ang init kaya hindi rin dinaragsa ng tao bagaman mayroon ding mga likas-yaman na matatagpuan.

Kung ganito, masasabi nating ang isang napakahalagang konsiderasyon ay ang lokasyon/kinaroroonan nito. Susunod na mauunawaan natin ay ang yamang-likas, mga anyong-lupa at tubig at uri ng hanapbuhay na batay sa pinagkukunang-yaman. Matatantiya na rin natin ang antas ng kaunlaran ng bansang pinag-aaralan. Subukan ninyo ang bansang Hapon halimbawa, tingnan ang lokasyon nito sa globo. Bukod sa mainam ang klima, napapaligiran ito ng tubig. Subukang tingnan ang Nepal, makikitang ang malaking kabundukan ang hadlang sa pag-unlad nito. Kalian lamang ba nagsimulang umunlad ang bansang Saudi Arabia? May klima itong hindi mainam subalit kailangan ng mundo ang langis na yaman nito kaya ang mamamayan ng bansang ito ay nakikibagay sa kondisyong pangkapaligiran upang linangin ang yamang langis nito. Napakalaki ng Tsina ngunit tanging ang timog lamang ang bahaging maraming tao. Salik ring maituturing ang pisikal na kaanyuan ng isang bansa. Marami

ba itong kapatagan, mga lambak? Bulubundukin ba ito? Napaliligiran ba ito ng tubig? Kung ganito, tiyak na marami ang maninirahan sa mga pook na ito.

### Ang Populasyon at ang Komposisyon Nito

Sa pangkalahatan, sinasabing may batang populasyon ang Asya. Kaya nga higit na nakararami ang kabataan. Mayroon naming mga bansang matanda ang populasyon tulad ng Hapon. Bakit ganito? Dahilan sa maunlad ang medisina, kaunti lamang ang namamatay. Sa mga bansang papaunlad, bata ang populasyon. Ibig sabihin, sa susunod na mga panahon, may malaking bilang ng mg tao para sa lakas-paggawa. Kung mabagal ang paglaki ng populasyon, at matanda ang populasyon sa kasalukuyan, maaaring maunlad ang bansa subalit magiging suliranin nila ang lakas-paggawa kapag nawala na ang matatanda at sasanayin ang batang papalit upang mapanatili ang kaunlaran.

**POPULASYON NG ASYA AT ANG DAMI NG TAO BAWAT KILOMETRO KWADRADO 1997**
**(Sukat, Populasyon)**

| Mga Bansang Asyano | Bilis ng Pagdami | Sukat(Lawak: km kwd) | Populasyon | Kapal ng Tao (Bawat km kwd) |
|---|---|---|---|---|
| Afghanistan | 2.5 | 647,500 | 23,738,085 | 30.7 |
| Bangladesh | 1.9 | 144,000 | 125,340,261 | - |
| Bhutan | 2.3 | 47,000 | 1,865,191 | 39.7 |
| Brunei | 2.0 | 5,770 | 307,616 | 53.3 |
| Cambodia | 2.7 | 181,040 | 11,163,861 | 61,7 |
| China | 0.9 | 9,596,960 | 1,221,591,778 | 127.3 |
| India | 1.6 | 3,287,590 | 967,612,804 | 294.3 |
| Indonesia | 1.5 | 1,919,440 | 209,774,138 | 109.3 |
| Iran | 2.1 | 1,648,427 | 67,540,002 | 40.9 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Iraq | 3.6 | 437,072 | 22,219,289 | 50.8 |
| Israel | 1.4 | 20,770 | 5,534,672 | 266.5 |
| Japan | 0.2 | 377,835 | 125,716,637 | 332.7 |
| Jordan | 3.2 | 89,213 | 4,324,638 | 48.5 |
| Kazakhstan | 0.9 | 2,717,300 | 16,898,572 | 6.2 |
| Korea, North | 1.7 | 120,540 | 24,317,004 | 201.7 |
| Korea, South | 1.0 | 98,480 | 45,948,811 | 466.6 |
| Kuwait | 6.0 | 17,820 | 2,076,805 | 116.5 |
| Laos | 2.8 | 236,800 | 5,116,959 | 21.6 |
| Lebanon | 2.2 | 10,400 | 3,858,736 | 371.0 |
| Libya | 3.6 | 1,759,540 | 5,648,359 | 3.2 |
| Malaysia | 2.0 | 329,750 | 20,376,235 | 61.8 |
| Mongolia | 1.6 | 1,565,000 | 2,538,211 | 1.6 |
| Myanmar | 1.8 | 676,560 | 46,821,943 | 69.2 |
| Nepal | 2.4 | 140,800 | 22,641,061 | 160.8 |
| Oman | 3.3 | 212,480 | 2,264,590 | 10.7 |
| Pakistan | 2.2 | 803,940 | 132,185,299 | 164.4 |
| Philippines | 2.1 | 300,000 | 76,103,564 | 253.7 |
| Qatar | 3.7 | 11,000 | 665,485 | 60.5 |
| Russia | -0.5 | 17,075,200 | 147,987,101 | 8.7 |
| Saudi Arabia | 3.4 | 1,960,582 | 20,087,965 | 10.2 |
| Singapore | 1.9 | 632 | 3,461,929 | 5,477.7 |
| Sri Lanka | 1.1 | 65,610 | 18,762,075 | 285.9 |
| Syria | 3.3 | 185,180 | 16,137,899 | 87.1 |
| Taiwan | 0.9 | 35,980 | 21,655,515 | 601.9 |
| Tajikistan | 1.7 | 143,100 | 6,013,855 | 42.0 |
| Thailand | 1.0 | 514,000 | 59,450,818 | 115.7 |
| Turkey | 1.6 | 780,580 | 63,528,225 | 81.4 |
| Turkmenistan | 1.8 | 488,100 | 4,225,351 | 8.7 |
| United Arab | 1.5 | 75,581 | 2,262,309 | 29.9 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Emirates | | | | |
| Uzbekistan | 2.1 | 447,400 | 23,860,452 | 53.3 |
| Vietnam | 1.5 | 329,560 | 75,123,880 | 227.9 |
| Yemen | 3.6 | 527,970 | 13,972,477 | 26.5 |

Dalawa ang maaaring maging resulta nito. Una, iyong may batang populasyon, mandarayuhan sila sa ibang bansa; ikalawa, iyong may matandang populasyon, mag-iimbita sila ng mga dayuhang manggagawa. Sa palagay mo saan sa dalawang ito patungo ang bansang Pilipinas? Ang Hapon? Ang iba pang bansa sa Asya?

**TALAHANAYAN NG POPULASYON AYON SA KASARIAN**

**(Sa Ilang Piling Bansa sa Asya 1980)**

| **Bansa** | **Lalaki (milyon)** | **Babae (milyon)** |
|---|---|---|
| Japan | 55,091 | 56,848 |
| Indonesia | 58,338 | 60,029 |
| Philippines | 16.8 | 7,027 |
| Yemen | .787 | 0.803 |

**Kasarian**

Alin ang mas nakararami, babae ba o lalaki? Ang kasarian ay isang napakahalagang aspeto ng populasyon. Sa kasalukuyan, halos pantay na ang kalagayan sa lipunan ng babae at lalaki. Gayundin sa mga karapatan. Hindi mapapasubalian na may mga mangilan-ngilang bansa pa, tulad ng Saudi Arabia at ilang bansa sa Timog-Kanlurang Asya, na may kakulangan ang mga kababaihan sa paglahok sa iba't ibang larangan. Subalit mulat na rin sila sa katotohanang may puwang na sila sa makabagong lipunan. Batay sa talahanayan sa itaas, mas marami ang lalaking Asyano kaysa babae ngunit hindi malaki ang agwat.

Noong dekada 80, mayroong bansang nakahihigit ang bilang ng mga babae. Ang katuwiran marahil ay hindi pa gaanong aktibo ang mga kababaihan sa mga gawaing pangkabuhayan. Samantalang sa ngayon, tinatanggap na sila sa halos lahat ng mga

Gawain o propesyon. Sa Pilipinas halimabawa, pagpapari na lamang sa simbahang Katoliko ang hindi maaaring pasukin ng mga babae. Gayundin sa mga bansang Asyano. Ang kasarian ng mga tao ay pangnahing salik na nakaapekto sa pag-unlad ng isang bansa ngunit konsiderasyon sa katatagan nito. Sa makabagong pananaw, anuman ang kasarian ng tao, may pananagutan sa katatagan ng pamilya at bansa. Tapos na ang panahon ang babae ay pantahanan lamang at ang lalaki ang maghahanapbuhay. Ngayon ay magkatulong sa lahat ng Gawain ang dalwa. Ang mga anak, babae man o lalaki, mararapat na may kaalaman sa lahat ng larangan tungo sa pag-unlad ng pamilya at bansa.

**Antas ng Kamuwangan ng mga Asyano**

Ano nga ba ang kamuwangan? Ito ay nagnangahulugang ang tao ay nakauunawa ng mga bagay-bagay at marunong siyang bumasa at sumulat. Naipapahayag ang saloobin, malayang naipagtatanggol ang sarili, nasusunod ang mga batas at may kakayahangsumagap ng tamang impormasyong makaaapekto sa kanya at sa kapaligiran.

Ang antas ng kamuwangan ng mga bansa sa Asya ay isang katangiang pampopulasyon na masasabing napakahalaga. Sukatan ba ito ng pag-unlad? Maaaring oo, maaari ring hindi. Marami pang ibang salik na nakaaapekto sa pag-unlad ng bansa. Maaaring mataas ang antas ng marunong bumasa at sumulat subalit wala naming maayos na pamahalaan. Kulang naman sa yamang likas. Kung malaki ang populasyon at mababa naman ang antas ng kamuwangan, paano kaya? Suriin sa talahanayan sa ibaba ang lokos noong 1995 kaugnay rito. Aling bansa ang mataas ang antas? Ang mababa? Tingnan sila sa mapa at alamin ang kinaroroonan. Maunlad ba sila? Tingnan din ang mga bansang may mababang antas. Muli, hanapin sila sa mapa. Maunlad ba sila? Ano kaya ang salik na nakaaapekto rito?

## TALAHANAYAN NG MARUNONG BUMASA AT SUMULAT (1995)

| Mga Bansang Asyano | Antas ng Kamuwangan | Mga Bansang Asyano | Antas ng Kamuwangan |
|---|---|---|---|
| Brunei | 85% | Oman | 65.8% |
| China | 73% | Pakistan | 35% |
| India | 52.11% | Philippines | 93.5% |
| Indonesia | 86.3% | Qatar | 76% |
| Iran | 74% | Russia | 100% |
| Iraq | 60% | Saudi Arabia | 65% |
| Israel | 62% | Singapore | 91% |
| Japan | 99.90% | Sri Lanka | 89% |
| Cambodia | 35% | Syria | 64% |
| Kazakstan | 100% | Taiwan | 93.4% |
| Korea, South | 96% | Thailand | 93% |
| Kuwait | 74% | Turkey | 90.7% |
| Laos | 50% | Turkmenistan | 100% |
| Lebanon | 80% | Untied Arab Emirates | 68% |
| Malaysia | 78% | Uzbekistan | 100% |
| Mongolia | 90% | Vietnam | 88% |
| Nepal | 36% | Yemen | 38% |

## MGA PANGUNAHING IMPORMASYON NG MGA PILING BANSANG ASYANO

| Mga Bansang Asyano | Hanapbuhay | Yunit ng Salapi | Gross Domestic Product (GDP) | Kita ng Bawat Tao |
|---|---|---|---|---|
| Afghanistan | 68% agrikultura | Afghani | $3 Bilyon | $200 |
| Bahrain | 85% industriya,<br>5% agrikultura,<br>5% serbisyo, | Dinar | $7.1 Bilyon | $12,100 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3% gobyerno | | | |
| Bangladesh | 65% agrikultura,<br>14% industriya,<br>21% serbisyo | Taka | 1994 - $ 130.1 Bilyon | $1,040 |
| Bhutan | 93% agrikultura,<br>5% serbisyo | Ngultrum | 1994 – 1.2 Bilyon | $700 |
| Brunei | Walang datos | Dollar | 1993 - $4.43 Bilyon | $160,000 |
| Cambodia | 80% agrikultura | Riel | $12 Bilyon | $1,266 |
| China | 60% agrikultura at pangungubat,<br>25% industriya at komersiyo | Yuan | $2.9768 Trilyon | $2,500 |
| India | 65% agrikultura | Rupee | $1.17Trilyon | 1993 - $1,300 |
| Indonesia | 55% agrikultura<br>10% manupaktura | Rupiah | 1994 - $619.4 Bilyon | $3,093 |
| Iran | 33% agrikultura,<br>21% manupaktura | Rial | 1994 - $310 Bilyon | 1993 $4,720 |
| Iraq | 48% serbisyo,<br>30% agrikultura,<br>22% industriya | Dinar | (GNP) = 1993 - $ 38 Bilyon | 1993 - $2,000 |
| Israel | 29% serbisyo,<br>30% agrikultura,<br>14% komersyo | New Shekel | 1994 - $70.1 Bilyon | $13,880 |
| Japan | 54% serbisyo,<br>22% industriya,<br>7% agrikultura | Yen | 1995 - $5,150.8 Bilyon | $41,019.7 |
| Jordan | 11% industriya,<br>11% komersyo, | Dinar | 1994 - $17 Bilyon | $4,280 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 10% konstruksyon, 75% agrikultura, 52% serbisyo | | | |
| Kazakstan | 31% industriya, 26% agrikultura | Tenge | 1994 - $55.2 Bilyon | $3,200 |
| Korea, North | 36% agrikultura | Won | $21.5 Bilyon | $920 |
| Korea, South | 52% serbisyo, 27% manupaktura, 21% agrikultura | Won | $508.3 Bilyon | $11, 270 |
| Kuwait | 45% serbisyo, 20% konstruksyon | Dinar | $30.8 Bilyon | $17,000 |
| Laos | 80% Agrikultura | Kip | $5.2 bilyon | $1,100 |
| Lebanon | 79% industriya, komersyo at serbisyo, 11 % agrikultura, 10% gobyerno | Lebanese Pound | $18.3 Bilyon | $4,900 |
| Malaysia | 25% serbisyo at pangangalakal, 23% manupakktura, 15% pagmimina | Ringgit | $193.6 Bilyon | $9,800 |
| Mongolia | 36% agrikultura, 15%manupaktura, 15% pagmimina | Tugrik | $4.9 Bilyon | $1,970 |
| Myanmar | 65% agrikultura, 15% industriya, 10% pangangalakal | Kyat | $47 Bilyon | $1,000 |
| Nepal | 93% agrikultura | Rupee | $274.2 Bilyon | $2,100 |
| Oman | 40% agrikultura | Omani Rial | $19.1 bilyon | $10,800 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Pakistan | 36% agrikultura, 18% pagmimina at manupaktura, 17% serbisyo | Rupee | $274.Bilyon | $2,100 |
| Philippines | 46% agrikultura, 18% serbisyo 16% industriya | Peso | $179.7 Bilyon | $2,530 |
| Qatar | 51% serbisyo, 25% manupaktura at konstruksiyon, 2% agrikultura | Rial | $10.7 Bilyon | 420,820 |
| Saudi Arabia | 34% gobyerno, 28% industriya, 22% serbisyo, 16% agrikultura | Rial | $189.3 Bilyon | $10,100 |
| Singapore | 34% pananalapi, 26% manupaktura, 22% komersyo | Dollar | $66.1 Bilyon | $22,900 |
| Sri Lanka | 46% agrikultura, 13% pagmimina at manupaktura | Rupee | $65.6 Bilyon | $3,600 |
| Syria | 36% serbisyo, 32% agrikultura, 32% industriya at konstruksyon | Pound | $91.2 Bilyon | $5,900 |
| Taiwan | 53% industriya, 22% serbisyo, 16% agrikultura | Dollar | $290.5 Bilyon | $13,510 |
| Tajikistan | 43% agrikultura, 24% serbisyo | Ruble | $6.4 Bilyon | $1,040 |
| Thailand | 62% agrikultura, | Baht | $416,7 Bilyon | $6,900 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 24% industriya, 14% serbisyo | | | |
| Turkey | 44% agrikultura, 41% serbisyo, 15% industriya | Lira | $345.7Bilyon | $5,800 |
| Turkmenistan | 44% agrikultura, 20% industriya | Manat | $11.5 Bilyon | $2,820 |
| United Arab Emirates | 85% industriya, 5% agrikultura,5% serbisyo, 5% gobyerno | Dirham | $70.1 Bilyon | $24,000 |
| Uzbekistan | 43% agrikultura, 22% industriya | Sum | $54.7 Bilyon | $2,370 |
| Vietnam | 65% agrikultura, 35% industriya at serbisyo | Dong | $97 Bilyon | $1,300 |
| Yemen | 54% agrikultura | Rial | $37.1 Bilyon | $1,900 |

**Lakas ng Paggawa**

Sa pangkalahatan, agrikultura ang mga bansa sa Asya. Dahil ditto, ang pangunahing hanapbuhay ay pagsasaka. Natural sa mga kalunsuran na industriya ang pokus ng gawaing pangkabuhayan bagaman ang mga hilaw na produlto ay galling sa mga rural na pook.

Sapagkat ang maraming bansa ay may saklaw na karagatan, tulad ng Pasipiko, Dagat Indian, Arabia, Tsina, Arafura at iba pang katawang tubig, pangalawa ang pangingisda sa pangunahing hanapbuhay. Marami ring bundok sa Asya kaya ang mga hanapbuhay na angkop sa bundok at gubat ay nagunguna rin.

Sa mga kalunsuran, nangunguna ang komersiyo at serbisyo, konstruksyon at mga industriya o pagawaan. Kung ang iisipinay kapaligiran, saan dapat ipatayo ang mga pagawaan? Kapakanan ng populasyon ang tinutukoy natin hindi ba?

Marapat din nating suriin ang kalagayang pang-ekonomiya ng mga bansang Asyano. Ang kita ng bawat bansa. Sa pagsusuri nito ay malalaman natin ang mga bansang maunlad at mga bansang dapat magsikap umunlad. Marahil dapat magsumikap ang mga bansa upang tumaas ang kita nito. Mabawasan ang dami ng walang hanapbuhay at nang bumaba ang antas ng kahirapan.

**KAPALIGIRAN AT POPULASYON**

Sa pagkakataong ito, subukan nating magpahalaga. Gumagalaw ang tao sa kanyang kapaligiran. Subalit ang uri ng buhay ng tao ay nakasalalay sa kapaligiran nito. Ano nga ba ang totoo? Kung maunlad ang bansa, o mahirap ito, tao ba ang dahilan o dahil mayaman ito sa yamang-likas? Ang totoo, kung mayaman ang mga pinagkukunang-yaman ngunit wala naming kakayahan o kasanayan ang tao, balewala rin. Kung masikap naman ang tao, wala naming yamang-likas sa kapaligiran, paano rin? Sa madaling paliwanag, kailangan ang dalawa para maging maunlad ang bansa.

Subalit kaalinsabay dawn g pag-unlad ay nasisira ang kalikasan. Dahil dit, nakakalbo ang bundok, nagiging marumi ang lupa at ilog, bumabaho ang hangin at nasisira ang ozone layer n gating mundo. Nararanasan ng mga bansa ang labis na init at mga pagbahang hindi naman inaasahan.

Ito ang katotohanan maaari pang iwasan ng susunod na henerasyon kung gagawa ng paraan ang kasalukuyang mamamayan ng Asya.

**Mabilis na Paglaki ng Populasyon**

Hindi mapigil ang bilis ng paglaki ng populasyon ng Asya. Bagaman may mangilan-ngilang bansa, mas nakararami ang hindi nakapagpipigil sa paglaki ng populasyon. Kaakibat nito ang mga suliraning may kaugnayan sa:


____pabahay

____hanapbuhay

_____kalusugan
_____edukasyon
_____kabuhayan
_____paglilingkod panlipunan
_____kapayapaan

Kawing-kawing ito. Parang sirkulo. Hindi maptid na kahirapan at pag-aasawa nang maaga dahil hindi nag-aaral. Hindi nag-aaral dahil walang hanapbuhay ang mga magulang. Nag-aasawa, manganganak, maghihirap ulit, hindi mapaaral ang mga anak at inulit ang sirkulo. Subalit ang mga Asyano ay naniniwala sa kapalaran. Paniniwalan hindi dapat asahan, dapat gawin ang kapalaran hubugin ang kinbukasan, paghandaan.

Ano pa? kung walang pinag-aralan, malapit ang tukso. Kung walang maayos na hanapbuhay, naglipana ang mga criminal, nahihikayat sa maruming hanapbuhay. Dagdag na problema ng pamahalaan. Sa halip na ituon ang gastusin sa edukasyon, pagkain, kalusugan, o mga pagkikitaan at mga paglilingkod-bayan tulad ng transportasyon, komunikasyon, gagastusin sa paglutas ng krimen, pagsugpo sa mga hindi kanais-nais na elemento. Nasasayang lamang ang pera ng bayan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sagutan ang sumusunod:

Ano ang mga implikasyon ng mabilis na paglaki ng populasyon?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________________.



**Tandaan Mo!**

- Hindi mapigil ang bilis ng paglaki ng populasyon ng Asya. Bagaman may mangilan-ngilang bansa na mahigpit sa mga batas, mas nakararami ang hindi nakapagpipigil sa paglaki ng populasyon. Kaakibat nito ay mga suliraning kaugnay sa pabahay, hanapbuhay, kalusugan, edukasyon, kabuhayan, paglilingkod panlipunan, at kapayapaan.
- Kawing-kawing ito, parang sirkulo. Hindi mapatid na kahirapan at pag-aasawa nang maaga dahil hindi nakapag-aral at walang hanapbuhay ang magulang.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sumulat ng isang maikling sanaysay tungkol sa sumusunod na paksa:

Kaalinsabay ng modernisasyon, apektado ang mga pagpapahalagang moral sa Asya. Isang bagay na maaaring magdulot ng hindi magandang bunga sa makabagong henerasyon. Naging komplikado ang buhay. Ang mga magulang ay dapat kumita nang sapat para makapag-aral ang mga anak.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________



## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Bagaman magkakaiba ang mga Asyano, sila ay may sariling kakayahan na ikinaiiba sa mga Kanluranin.
- Mahalaga ang tradisyon sa mga Asyano. Ito ay batayan sa mahahalagang desisyon sa maraming aspeto ng buhay maging sa pagbabago.
- Halos 60% ng populasyon ng daigdig ay galing sa Asya.
- Mahalaga ang implikasyon ng mabilis na paglaki ng populasyon sa Asya sa ekonomiya, pulitika, lipunan, at kultura ng mga Asyano.
- Sa mga pagpapahalagang Asyano, katangi-tangi ang pagkakaisa ng pamilya, ang pagtutulungang pampamilya at pangpamayanan, at katatagan sa harap ng malubhang suliranin.



**PANGHULING PAGSUSULIT:**

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang kapital ng bansang Indonesia?
   A. New Dehli
   B. Jakarta
   C. Tokyo
   D. Singapore

2. Ano ang kapital ng bansang Malaysia?
   A. Kuala Lumpur
   B. Jakarta
   C. Taipei
   D. Bangkok

3. Ano ang yunit ng salapi ng bansang Singapore?
   A. Rupee
   B. Dollar
   C. Ringgit
   D. Won

4. Ano ang yunit ng salapi ng bansang Malaysia?
   A. Dong
   B. Lira
   C. Rupee
   D. Ringgit

5. Ano ang kapital ng bansang China?
   A. Phnom Penh
   B. Dhaka
   C. Beijing
   D. Ringgit

6. Ano ang uri ng pamahalaan ng Saudi Arabia?
   A. Republika
   B. Komunista
   C. Monarkiya
   D. Rehimeng Militar

7. Ano ang yunit ng salapi ng bansang India?
   A. Rupee
   B. Rial
   C. Rupiah
   D. Yen

8. Ano ang kapital ng Thailand?
   A. Manila
   B. Bangkok
   C. Hanoi
   D. Beirut

9. Ano ang yunit ng salapi ng bansang China?
   A. Dinar
   B. Yen
   C. Yuan
   D. Rupiah

10. Ano ang kapital ng bansang South Korea?
    A. Pyongyang
    B. Bangkok
    C. Taipei
    D. Seoul

11. Anong bansa ang nasulat sa sari-saring wika?
    A. India
    B. Indonesia
    C. Malaysia
    D. Thailand

12. Alin sa mga sumusunod ang mabuting dulot ng teknolohiya sa populasyon ng isang bansa?
    A. Marami rin ang nawawalan ng hanapbuhay.
    B. Lumiliit ang mga sakahan.
    C. Mabilis, marami pa ang magagawa sa maikling panahon.
    D. Mabilis nauubos ang hilaw na produkto.

13. Ano ang yunit ng salapi ng bansang Cambodia?
    A. Yuan
    B. Riel
    C. Rupee
    D. Won

14. Alin sa mga sumusunod ang hindi pangangailangan sa lumalaking populasyon?
    A. Buhay
    B. Pabahay
    C. Edukasyon
    D. Pagkain

15. Ano ang sinasabing higit na nakararami sa komposisyon ng populasyon sa Asya?

    A. Sanggol
    B. Matanda
    C. Babae
    D. Kabataan

16. Alin sa mga sumusunod ang taong may kamuwangan?

    A. Marunong bumasa at sumulat
    B. Naipapahayag ang saloobin
    C. Malayang naipagtatanggol ang sarili
    D. Hindi makapangatwiran

17. Ano ang yunit ng salapi ng Malaysia?

    A. Dinar
    B. Ringgit
    C. Kyat
    D. Rupee

18. Anong bansa sa dekada 80 ang nakahihigit ang babae?

    A. Yemen
    B. Philippines
    C. Japan
    D. Indonesia

19. Ano ang yunit ng salapi ng bansang Bahrain?

    A. Dinar
    B. Taka
    C. Yuan
    D. Rupee

20. Ano ang bansang may pinakamababang antas ng kamuwangan noong 1995?

    A. Pakistan
    B. Yemen
    C. Nepal
    D. Laos



## GABAY SA PAGWAWASTO:

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

1. C
2. A
3. A
4. B
5. D
6. B
7. C
8. D
9. C
10. B
11. C
12. A
13. B
14. C
15. D
16. C
17. D
18. D
19. A
20. C

**ARALIN 1: KOMPOSISYON ETNIKO NG MGA REHIYON**

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

Nipongo

Mandarin

Tagalog

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. A
2. B
3. B
4. A
5. C
6. E
7. A
8. E
9. E
10. E

**GAWAIN 3: Paglalapat**

Sariling opinion

**ARALIN 2: ANTAS NG KABUHAYAN SA MGA BANSANG ASYANO**

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

Cellpnone

Computer

Scalator

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sariling palagay

**GAWAIN 3: Paglalapat**

Sariling pagsusuri tungkol sa kahalagahan ng teknolohiya

**ARALIN 3: POPULASYON, KOMPOSISYON AYON SA GULANG, HABA NG BUHAY, KASARIAN AT BILANG NG MARUNONG BUMASA AT SUMULAT**

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

1. China
2. India
3. Qatar
4. Pakistan

**GAWAIN 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sariling opinyon

**GAWAIN 3: Paglalapat**

Sariling palagay. Ipatsek sa gurong tagapamahala.

**PANGHULING PAGSUSULIT**

| | |
|---|---|
| 1. B | 11. A |
| 2. A | 12. C |
| 3. B | 13. B |
| 4. D | 14. A |
| 5. C | 15. D |
| 6. C | 16. D |
| 7. A | 17. B |
| 8. B | 18. C |
| 9. C | 19. A |
| 10. D | 20. A |